Ang koneksyon ng iyong anak sa iyo ay patuloy na tumatatag kapag siguro siya sa iyong pag-aaruga at patnubay.

10 Bagay na gustong sabihin sa iyo ng iyong SANGGOL

Advocacy Education Networking
Attachment Network of Manitoba

ATTACHMENT NETWORK NG MANITOBA

attachmentnetwork.ca
attachmentnetwork@shaw.ca

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON TUNGKOL SA ATTACHMENT, MAGTUNGO SA:
circleofsecurity.net

MANITOBA PARENT ZONE:
manitobaparentzone.ca/baby

Advocacy Education Networking
Attachment Network of Manitoba

1 **Kagiliwan mo ako.** Mula pa ng ako'y ipanganak, handa na akong makaranas ng kaligayan sa piling ng aking magulang. Tuwing tayo ay masayang magkasama, malusog na lumalago ang aking utak at pangangatawan. Banayad ang aking kalooban sa kaalaman na masaya ka sa iyong buhay dahil tayo ay magkasama.

2 **Kailangan ko ang iyong yakap at haplos.** Kapag ako ay kalong-kalong mo, ako ay masaya at kontento. Nakakatulong din ito para matuto akong huminahon at kumalma. Lubos kong nararamdaman ang iyong lambing at pagmamahal sa bawat haplos.

3 **Ang eye-to-eye contact at importante.** Sa edad na anim na buwan, labis ko nang nauunwaan kung ano ang nais mong sabihin sa akin sa pamamagitan ng iyong mga mata. Sa tuwing kinakausap ng iyong mga mata ang aking mga mata, damdam ko ang proteksyon na alay mo at ang lumalalim na koneksyon ko sa iyo.

4 **Kapag handx among tinutugunan ang aking pangangailangan para sa iyong atensyon, pag-aaruga at explorasyon, lumalalim ang tiwala ko sa iyo.** Sa walang-sawa mong pagtugon, banayad at siguro ang aking damdamin habang ako ay lumalaki.

5 **Habang ako ay sanggol pa, hinihingi ko lang kung ano ang tunay kong kailangan – walang labis, walang kulang.** Wag kayong matakot na pagnasanay akong makatanggap ng kalinga, atensyon at pag-aaruga, ako ay lalaking sutil. Ang matiyagang pagtugon mo sa aking my pangangailangan ay nagpapatatag ng aking tiwala sa iyo at naghahatid ng mensahe na ako'y mahalaga sa iyo. Dito nabubuo ang paniniwala ko sa aking sarili.

6 **Samahan mo ako kapag ako ay hindi mapalagay.** Kahit na hindi mo maayong ang ano mang nakakabagabag sa akin, ang patuloy mong pagdamay hanggang ako ay huminahon ay nagsasabi sa akin na hindi ako nag-iisa.

7 **Sa malambing mong boses, ako ay kumakalma, nakakaramdam ng proteksyon at nagsisimulang matutong magsalita.** Tuwing kinakausap mo ako tungkol sa mga damdamin mo at damdamin ko, namumuo ang aking kaunwaan tungkol sa aking mga nararamdaman.

8 **Imposibleng maging perpektong magulang!** Sanayan lang yan! Ang pagiging mabuting magulang ay nangangailangan ng practice at tiyaga. Relax ka lang at maging maunawain sa iyong sarili, sana ay mag-enjoy ka naman sa iyong pagiging magulang ko. Magkaramay tayo sa buhay na ito, at sabay tayong natututo!

9 Lalaki akong may paniniwala sa aking sarili at tiwala sa ibang tao kapag alam ko na ang aking magulang ay laging nandyan para bigyan ako ng pagmamahal, pag-aaruga, pagdamay at proteksyon.

10 **Alagaan moa ng iyong sarili.** Mabigat at nakakapagod na gawain ang pagiging magulang. Pahinga, masustanyang pagkain at suporta ng iba ang makakasiguro sa tagumpay ng ating pamilya.